

COVID-19

NOVEL CORONAVIRUS

Parent/Guardian Frequently Asked Questions

Para sa mga : Magulang / Tagapangalaga

Re : Mga Madalas Itanong

Kailangan ba ng aking anak na magsuot ng mask sa lahat ng oras sa buong araw?

- Hinihikayat ang pagsusuot ng mask sa buong paaralan kapag ang physical distancing ay hindi posible.
- Ang mga mag-aaral (mula Grade 5 at sa matataas na baitang), mga guro, kawani, bisita, at mga boluntaryo ay mahigpit na inirerekomenda na magsuot ng non-medical masks sa karaniwang mga lugar at kung saan ang 2- metrong physical distancing ay hindi posible. Ang mga mag-aaral sa mababang baitang ng Grade 5 ay maaari ding gumamit ng non-medical masks.
- Maaaring may mga oras sa buong araw na ang mga mag-aaral ay may sapat na espasyo upang maging pisikal na malayo, ang mga masks ay maaaring alisin, tulad ng tuwing recess, lunch breaks o mask-free na paglalaro sa labas.
- Ang mga masks ay ipagkakaloob sa paaralan kung kinakailangan. Ang non-medical masks ay idadagdag na rin sa listahan ng school supply list.

Maaari bang iutos ng aking paaralan ang mga masks kung ang departamento ay mahigpit na inirerekomenda ang mga ito?

- Hindi. Ang layunin ay upang lumikha ng mas maraming panlalawigan pagkakapare-pareho hangga' t maaari, partikular na pagdating sa mga pampublikong payo sa kalusugan.
- Ang mga rekomendasyon ay maaaring magbago sa paglipas ng panahon. Ang mga opisyal ng pampublikong kalusugan ay maaaring gumawa ng mga mga rekomendasyon batay sa bilang ng mga kadahilanan, kabilang ang rate ng impeksiyon at maging o hindi kaya ay ang paglipat sa komunidad.

Kailangan bang magsuot ng mask ang aking anak sa bus?

- Oo. Ang mga mag-aaral sa Grade 5 at sa matataas na baitang ay ay kinakailangang magsuot ng mga non-medical masks bago sila payagang sumakay sa bus at habang sila ay nasa bus.
- Ang mask ay ipagkakaloob sa kanila kung sila ay walang mask.
- Ang mga mag-aaral sa Grade 4 at sa mas mababang baitang ay hindi kinakailangang magsuot ng mask, ngunit maaari silang magsuot ng non-medical mask kung kanilang nanaisin.

Kailangan bang ang aking anak ay magbahagi ng upuan sa bus?

- Ang mga tukoy na mga alituntunin para sa transportasyon ng paaralan ay binuo at ina-update sa tuwing nagbabago ang pampublikong impormasyon sa kalusugan.
- Kung saan posible, magkakaroon ng isang mag-aaral sa bawat upuan. Ang mga mag-aaral na nakaupo nang magkakasama ay mga miyembro ng parehong sambahayan o mga miyembro ng parehong cohorts o pangkat sa paaralan.

Kailangan bang magsuot ng driver ng mask?

- Oo. Ang mga drivers ay required ding magsuot ng mask.

Kailangan ba ng aking anak na magsuot ng mask sa hallways?

- Kahit na ang mga dibisyon ng paaralan ay nagtatrabaho upang mabawasan ang hallway traffic at mabawasan ang pagsisikip sa mga karaniwang mga lugar, mahigpit na inirerekomenda na ang mga mag-aaral sa Grade 5 at sa matataas na baitang ay magsuot ng mga non-medical masks sa mga karaniwang mga lugar at kung saan ang physical distancing ay hindi laging posible.
- Ang mga mag-aaral sa Grade 4 at mas mababang baitang ay maaaring magsuot ng mask kung kanilang nais.
- Ang mga guro at kawani ay magsusuot din ng mga masks kapag nasa mga karaniwang lugar at kapag ang physical distancing ay hindi posible.

Kailangan ba ng aking anak na magsuot ng mask sa kanilang silid-aralan habang sila ay nasa regular na oras ng klase?

- Kung ang paaralan ay may kakayahan sa pagpapanatili ng distansya na 2 metro sa loob ng silid-aralan, hindi na kailangan.
- Kung ang mga mag-aaral ay nasa malapit na malapit sa bawat isa, tulad ng pagkilos sa paligid ng silid-aralan at malayo mula sa kanilang mga mesa, lubos na inirerekomenda para sa Grade 5 at sa matataas na baitang ang non-medical masks. Para sa mga mag-aaral sa Grade 4 at mas mababang baitang, maaaring magsuot ng non-medical masks kung ninanais.
- Ang mga panukala ay inilagay sa tamang pamamaraan sa loob ng silid-aralan upang matiyak na mayroong ligtas, mask-free oras sa buong araw. Ito ay naayon sa pakikipagkonsultasyon sa mga pampublikong opisyal ng kalusugan.

Paano kung nawala ang mask ng aking anak sa paaralan?

- Ang mga paaralan ay magbibigay ng mga mask sa mga mag-aaral at mga kawani na nangangailangan ng mga ito.
- Ang mga paaralan ay nakahanda ding magkaroon ng supply ng mga non-medical at medical masks.

Ang pagsusuot ba ng mask ay nangangahulugan na ang ibang mga panukalang pampublikong kalusugan ay maaaring mabawasan?

■ Hindi. Ang pagsuot ng mga non-medical masks ay **karagdagang patong na proteksyon** na maaaring makatulong upang maiwasan ang nakakahawang respiratory droplets ng isang hindi kilalang nahawaang tao (ang tagapagsuot) na makarating at makahawa ito sa ibang tao. Sinusunod nito ang pampublikong payong kalusugan na ang mask ay maaaring maging isang kapaki-pakinabang na gamit upang mabawasan ang panganib na dala ng impeksyon o transmisyong kapag ang isang indibidwal ay hindi maaaring makalayo ng dalawang metro mula sa iba.

Sino ang hindi dapat magsuot ng mask?

■ Ang mga non-medical masks ay hindi dapat isuot ng sinuman na

hindi kayang alisin ang mask nang walang tulong (halimbawa, dahil sa edad, kakayahan, o kaya ay dahil sa developmental status)

nahirirapan sa paghinga

nasa edad na 2 taon pababa

Ano ang mangyayari kung may case sa isang paaralan?

■ Ang mga opisyal sa pampublikong kalusugan ay pangungunahan ang tugon kung mayroong positibong kaso sa isang paaralan. Ito ay nangangahulugan na makikipag-ugnayan sa mga taong itinuturing na malapit na mga kontak at pagpapayo sa kanila na kinakailangan nilang mag self-isolate o kaya mag self-monitor.

■ Ang mga paaralan ay kinakailangang maglinis at magdisinfect ng mga lugar na itinalaga ng pampublikong kalusugan at ang espasyo na natukoy ay hindi gagamitin hanggang sa ito ay mapag-alaman nang ligtas.

■ Ibabahagi ang impormasyon sa mga magulang sa mga paaralang iyon kapag ang isang kaso ay nakilala.

■ Ang mga paaralan ay makikilala sa Manitoba COVID-19 Bulletin kapag ang isang kaso ay nakilala.

Isasara ba nila ang aming paaralan kung ang mag-aaral o miyembrong kawani ay nag positibo sa pagsusuri para sa COVID-19?

■ Hindi, maliban kung may katibayan ng transmisyong sa maramihang mga cohorts o pangkat.

■ Ang pampublikong mga panukala sa kalusugan na bawasan ang pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga grupo ng mga mag-aaral ay magbibigay-daan para sa mga indibidwal na mga klase o mga cohorts na maibukod mula sa paaralan at pinapayuhan na mag self-isolate sa tahanan, sa halip na ang buong paaralan. Ang mga klase o cohorts na hindi naexpose ay maaaring magpatuloy na pumasok sa paaralan. Kung mayroong katibayan ng transmisyong sa pagitan ng mga cohorts sa paaralan, ang paaralan ay maaaring maging sarado at lumipat sa remote learning sa pansamantalang panahon.

Paano matutulungan ng mga paaralan ang aking anak na mag adjust sa pagbalik sa paaralan kung ang hitsura nito ay maaring maging iba na.

■ Ang mga paaralan at mga dibisyon ng paaralan ay nagpapalano ng mga estratehiya upang tumugon sa mental health at well-being na mga pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral, kawani, at mga pamilya, at kanilang ipapaalam ang kanilang mga plano sa pamamagitan ng pagpost sa kanilang mga website sa darating na Agosto 17 nang sa gayon ay maaari ninyong ma-access ang mga ito.

Paano ko kakausapin ang aking anak tungkol sa COVID-19?

■ Magbigay ng katiyakan sa mga bata at kabataan tungkol sa kanilang personal na kaligtasan at kalusugan. Ang pagsasabi sa mga bata na okay lang ang mag-alala ay nakakapagbigay ng kaginhawahan sa kanila. Muling magbigay ng katiyakan tungkol sa kanilang kaligtasan, at ipaliwanag na maraming bagay ang magagawa nila upang manatiling malusog. Maghanap ng mga kapani-paniwala at mapagkakatiwalaan na mga mapagkukunan ng mga impormasyon.

■ Para sa mga karagdagang impormasyon sa pakikipag-usap sa mga bata tungkol sa COVID-19, mangyaring tingnan ang sumusunod na mga mapagkukunan na ibinigay sa pamamagitan ng UNICEF at ang World Health Organization:

■ UNICEF www.unicef.org/coronavirus/supporting-your-childs-mental-health-during-covid19-school-return

■ World Health Organization www.who.int/docs/default-source/coronaviruse/healthy-parenting/english-tip-6-covid-19-parenting.pdf?sfvrsn=232558c1_8

Kukunin ba ang temperatura ng aking anak pagdating sa paaralan?

■ Hindi. Ang mga magulang at tagapag-alaga ay kailangang suriin ang kanilang mga anak bago ipadala ang mga ito sa paaralan.

■ Ang mga paaralan ay maaari ring suportahan ang mga bata hinggil sa self-screening o pagsusuri sa sarili, ngunit ang pagsusuri sa temperatura sa paaralan ay hindi inirerekomenda. Ang normal na mga temperatura ay iba-iba para sa lahat ng tao at maaaring mag-iba sa buong araw.

Ang mga guro ba ay magkakaroon ng access sa mas mabilis na COVID-19 testing?

■ Sa kasalukuyan, walang mabilis na pagsubaybay para sa anumang mahalagang manggagawa na higit pa sa pangangalaga ng kalusugan (health care).

■ Sinuman na may mga sintomas ng COVID-19 ay dapat manatili sa bahay at dapat na magpatest para sa COVID-19. Kung ang resulta ay negatibo, dapat silang manatili sa bahay hanggang sa malutas ang mga sintomas sa loob ng 24 oras. Kung hindi natest, ang lahat ng mga indibidwal na may mga sintomas ay dapat mag isolate sa bahay sa loob ng 10 araw pagkatapos ng simula ng mga sintomas.

■ Kung ang sinuman ay nakilala bilang malapit na nakipag-ugnay sa isang kaso, sila ay kinakailangang mag self-isolate sa loob ng 14 na araw, ito ay dahil sa kanilang pagkakatantad hindi alintana kahit pa ang kanilang COVID-19 test ay negatibo.

Ang mga mag-aaral na may espesyal na mga pangangailangan ba ay magsasama- sama sa silid-aralan? Hindi ba ito ay isang paurong na hakbang mula sa Kagawaran ng pilosopiya ng pagsasama?

■ Ang layunin ay magkaroon ng maraming mga mag-aaral na bumalik sa in-class learning hangga 't maaari, kabilang ang mga mag-aaral na may espesyal na mga pangangailangan sa pag-aaral.

■ Ang paaralan ay magiging iba para sa bawat isa ngayong fall, kabilang ang mga mag-aaral na may mga espesyal na pangangailangan—marami sa kanila ay maaaring hindi magagawang manatili sa bahay nang mag-isa kung ang mga magulang ay nagtatrabaho.

■ Ang sama-samang pagpapangkat ng ilang mga mag-aaral at pagiging malikhain tungkol sa programming at timetabling ay pansamantalang panukalang COVID-19 na ang intensyon ay mas maraming bata ang bumalik sa paaralan hangga't maaari.

Ang choral program ng aking anak ay tatakbo ba sa taong ito?

■ Sa kadahilanang walang mga tukoy na interbensyon na magaalisa sa panganib mula sa mga panggrupong aktibidad sa kasalukuyan, mahirap magbigay ng tiyak na patnubay para sa choral o para sa mga wind instruments. Maaaring isaalang-alang ng mga paaralan ang pagkansela ng mga aktibidad na ito para sa paparating na taon o, sa una, para sa fall term, hanggang ang bilang ng karagdagang ebidensiya sa kanilang panganib ay maaaring magamit. Kung ang programa ng musika ay magpatuloy, dapat nilang ipatupad ang karagdagang mga panukala na inirerekumenda sa *Guidelines for Vocalists and Instrumentalists* at www.gov.mb.ca/asset_library/en/covid/restoringvocalists-instrumentalists.pdf.

Saan ako makakakuha ng impormasyon tungkol sa aking espisipikong paaralan?

■ Ang detalyadong mga plano sa dibisyon ng paaralan ay ipopost sa Agosto 17. Kasama dito ang impormasyon sa

■ ang struktura sa araw na may pasok at ang plano sa pag-aaral

■ paano titiyakin ng dibisyon ng paaralan na ang mga utos at patnubay mula sa pampublikong kalusugan ay sinusunod

■ paano tutugunan ng dibisyon ng paaralan ang kalusugan ng isip at kapakanan ng komunidad ng paaralan, kabilang ang mga guro, kawani, estudyante, at mga pamilya

■ paano makikipag-ugnayan ng impormasyon sa mga mag-aaral, kawani, at pamilya

■ Bago magsimula ang school year, ang lahat ng mga paaralan ay makikipag-ugnayan nang direkta sa mga magulang at tagapag-alaga upang magbigay sa kanila ng impormasyon tungkol sa mga plano para sa patuloy na pagtuturo at mga suporta.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- Higit pang impormasyon tungkol sa tugon ng Manitoba Education sa COVID-19, kabilang ang mga mapagkukunan, mga dokumento ng pagpapalano, at mga madalas na tinatanong na mga katanungan ay maaaring matagpuan sa Pinakabagong COVID-19 Education News na matatagpuan sa www.edu.gov.mb.ca/k12/covid/index.html.
- Maaari mo ring bisitahin ang EngageMB sa <https://engagemb.ca/welcoming-our-students-backrestoring-safe-schools> upang magtanong ng iyong mga katanungan. Ibahagi namin ang iyong tanong at ang sagot para makita ng iba. Ang mga tanong ay maaari ding sagutin nang pribado kung hindi naaangkop ang mga na ito na maibahagi.
- Ang My Learning at Home ay isang mapagkukunan ng impormasyon upang tulungan ang mga pamilya na suportahan ang kanilang mga anak sa remote learning mula sa bahay. Maaari itong matagpuan sa www.edu.gov.mb.ca/k12/mylearning/learningathome/index.html.
- Ang kasalukuyang impormasyon tungkol sa COVID-19 sa Manitoba ay matatagpuan sa www.manitoba.ca/covid19/.